


**Abstract**

“Mañanita” follows the life of the current chief of police named Huyang, whose minions met a The Grudge-like fate on the dawn of his birthday. His obsession with Voltes V caused a series of malevolent events, including the sighting of a flying gargantuan skull.

**Keywords**

Extrajudicial killings, mañanita, Martial Law, police, Voltes V

# MAÑANITA

**MARK ANGELES**

PINAGPAPATAY NILA ANG mga ilaw. Ilan sa kanila ay unipormadong pulis. Ilan ay mga pulis na nakasibilyan.

Handa na ang piging alas-tres pa lang ng madaling-araw. Nakatihaya na sa ibabaw ng dulang ang mga pagkain. Pinagpapawisan na ang mga beer. Naglalambitin sa kisame ang mga lobong pula at dilaw. Inilakad na rin ang mga cake at tarpaulin. Ipinasa na ang mga kandila, tangkay ng rosas, at short coupon bond na may printed na “How Beautiful Is the Morning.” Naghihintay na rin sa mga susunod na gagawin ang hepe. Alam ito ng hepeng nasa loob lang ng opisina niya, naghihintay sa likod ng saradong pinto. Alam na alam ng hepe ang mangyayari. Alam ng lahat na isa itong mass gathering. Alam ng lahat na wala na silang physical distancing.

Nagsimula nang bumagting ang gitara. Magsisimula na silang kumanta. Pero nagulat sila. Walang boses na lumalabas sa bibig nila. Para ba silang napipi. Para bang na-mute sila ng kung sinong makapangyarihang kamay. At pagkatapos, gumapang ang dilim na

parang mga hibla ng usok. Gumapang sa kinatatayuan nila. Umikot sa palibot nila. Saka nagsimulang lumingkis sa kanila, una sa kanilang mga paa, paakyat sa kanilang mga binti at hita, sa kanilang baywang, sa mga braso at dibdib, hanggang sa lamunin nito ang kanilang mga ulong parang mga isdang sumisinghap-singhap.

Wala pang isang minuto, nawala na silang lahat. Nalaglag ang mga hawak nilang kandila, tangkay ng rosas, short coupon bond, cake, at tarpaulin. Nagulat ang hepe sa tunog ng pagbagsak ng gitara. At nang buksan niya ang pinto, tumambad sa kanya ang cake na mukha ni Voltes V na nakahandusay sa semento, nahati sa gitna at nagkawasak-wasak. Nagkalat ang mga gamit. Wala na ang mga usok na itim. Walang party na nangyari.

* * *

Tuwing Biyernes, habang humahalik sa ginagapangan ang mga butiki sa paglubog ng araw, ang mga bata nama'y pabulagsak na naghuhunos ng kanilang mga bag mula sa eskuwela, hahagibis papunta sa harap ng de-kuryenteng altar, saka uupo roon; sa liwanag ng monokromo, mababanaag ang makislap nilang ngiti sa mga labi, matapos marinig, sa unang bagsak ng tono, ang kantang Hapon. Hindi iyon pambansang awit, hindi rin nila iyon maintindihan, pero mapapatayo sila, parang mga dagang sumasailalim sa kapangyarihan ng Pied Piper ng Hamelin, kakantahin nila iyon sa kahit anong linyang lumabas sa bibig nila, magmamartsa sila, aaktong parang robot, at sa huli, sisigaw sila:

*Borutesu Faibuuuuuu!!!*

Isa sa mga nakatutok si Huyang.

Hindi na bata si Huyang nang mag-debut sa telebisyon ang palabas na dinub sa Ingles. Pero kahit noong bata pa siya, malayo ang agwat niya sa mga kaedad niya. Anak ng militar sa panahon ng Batas Militar, kaya iniilagan ng maliliit maski ang anino niya. "Ang akong amahan usa ka militar!" ang bukambibig niya sa mga kaklase. Walang hindi nakakikilala sa kanya, pati ang mga guro at administrador, dahil sa kanyang apelyido.

Busog na busog at halos maihi si Huyang sa atensiyong natatanggap niya. Pakiramdam niya, umaapaw hanggang sa kanyang leeg ang kapangyarihan ng isang kinatatakutan at iniilagang siga sa kanto. Pero literal naman talagang tinitingala siya, hindi dahil may potensiyal siyang maging basketball player, kundi dahil isa siyang bardagol. Hindi lang malalapad ang

mga biyas ng damulag na ito, kundi siksik. Umaalog ang taba sa baba niya at parang may dos por dos sa batok. Para sa mga may kural sa kani-kanilang bakuran, pamilyar ang hitsura niya, dahil mukha siyang bulugan.

* * *

Ika-5 ng Mayo 1978 nang ipalabas sa GMA 7 ang unang episode ng Voltes V, halos isang buwan matapos ang pambansang eleksiyon para sa 166 kinatawan ng bawat rehiyon sa Interim Batasang Pambansa at mahigit isang linggo matapos ang pambansang eleksiyon para sa 14 kinatawan ng mga sektor. Walang makapagsabi kung ano ang partisipasyon ng tatay ni Huyang—na posibleng nadestino sa kung saang kanayunan sa Mindanao—sa malawakang dayaan sa alinman sa dalawang batch ng eleksiyong iyon—ang pinakaunang pambansang eleksiyon matapos ideklara ang Batas Militar—pero tatlong araw matapos ang unang episode ng Voltes V, nagdiwang ng kanyang ika-13 kaarawan ang damulag.

Inaasahan ni Huyang na darating ang kanyang amang nangakong patitikimin siya ng kanyang kauna-unahang manyaneta, ang lokalisasyon ng tradisyong mañanita.

* * *

Sinasabing naglayag ang mañanita mula sa Mexico at napadpad sa ating kapuluan—gaya ng mahigit tatlong dosenang produkto at pamamaraang Mehikano, na ang ilan ay nadala pa sa "Bahay Kubo" at "Leron, Leron, Sinta"—nang maganap ang kalakalang galyon ng Manila-Acapulco.

Noong 1565, nang matuklasan ng mga Kastilang nabegador na sina Alonso de Arellano at Andrés de Urdaneta, sa utos ni Miguel Lopez de Legazpi, ang ruta pabalik sa Espanya, ipinailalim ang Pilipinas sa Lungsod ng Mehiko, ang kabisera ng Virreinato de Nueva España. Sa loob ng mahigit 250 taon, may humigit-kumulang kalahati ng sandaang libong Latino ang nagmigrante sa ating bansa, hanggang sa mga lupalop ng Mindanao.

Nakarating sa ating bansa ang "Las Mañanitas," isang kantang Espanyol, katumbas ng "Happy Birthday." Kinakanta ito sa mga birthday party, kinakanta nang madaling-araw, para gisingin ng mga kapamilya at kakilala ang may kaarawan. Ang "Las Mañanitas" ay napalitan ng "How Beautiful Is the Morning," pero hindi pa rin nawawala ang pag-awit sa saliw ng gitara at sa tanglaw ng mga hawak nilang kandila. Sa pagdaan

ng panahon, ang tradisyong namana sa mga dayuhan ay binigkas nang manyaneta sa Kabisayaan, ang "How Beautiful Is the Morning" ay isinalin bilang "Kanindot sa Kabuntagon."

* * *

Noong 1978, natuloy ang kauna-unahang manyaneta para kay Huyang. Hindi na siya natulog nang nakaraang gabi, alam na niya. Nang nakaraang araw, tiniktikan niya ang pag-alis ng mga kamag-anak nilang namasukan sa kanila bilang mga alilang-kanin. Bumalik ang mga itong dala ang mga malagkit at iba pang sangkap sa handa. Kinagabihan, gising si Huyang sa loob ng talukbong na kumot, at nang di makatiis, naglakad nang nakayapak papunta sa pinto, tumayo sa tapat ng pintuan, at sumilip sa siwang nito, inulinig ang mga usapan at kalampagan sa kusina.

Lumabas sa kuwarto si Huyang, dere-deretso sa kusina. Natatawa ang mga nadatnan niyang nagluluto, pero may sindak na hindi mawala sa mga mukha nila nang sabihan siyang bumalik sa kuwarto at matulog na. Gaya ng dati, hindi siya nakinig, hindi siya sumunod, kahit ilang ulit siyang pakiusapan. Walang makapagdala sa kanya pabalik sa kanyang kuwarto. Hindi siya maakay, ni makalabit. "Ang akong amahan usa ka militar!" banta niya sa kanilang hindi siya matingnan sa mata.

Binantayan niya ang pagparoo't parito ng lahat. Ito ang kanyang unang manyaneta, pero parang tau-tauhan niya sila, kumikilos sa kanyang kumpas. "Ano na? Naiinip na ako!" singhal niya. Kaya, kahit alas-tres pa lang ng madaling-araw, pumuwesto na sila. Pinatay nila ang mga ilaw sa bahay, pero nagalit si Hulyan. Pinabuksan niya ito. Gusto niyang makita ang lahat ng pangyayari. Ang utos ng hari ay hindi mababali. Binuksang muli ang mga ilaw. Tumugtog ang gitara at kumanta ng "Kanindot sa Kabuntagon" ang lahat, na parang mga aliping may mga kadena sa leeg, habang nasisiyahang nanonood si Huyang, para bang hinahagupit sila ng tingin.

* * *

Sa Maynila nagkolehiyo si Huyang. Ang lagi niyang press release, pinagbantaan siya ng tatay niyang hindi siya makakatapak muli sa bahay nila sa Mindanao kapag hindi siya pumasok sa pagpupulis.

* * *

Ang totoo, hawak ni Huyang sa ilong pati ang ama. Lalo na nang hindi ito nakarating sa una niyang manyaneta.

Ang dumating ay isang subordinate na sundalong may dalang isang malaking kahong nakabalot sa pulang gift wrap. Sinunggaban agad iyon ni Huyang, winasak agad ang pambalot.

Tumambad kay Huyang ang laruang robot ng Voltes V. Isa iyon sa mga pinakaunang merchandise na dumating sa Pilipinas, ang pinakamalaking modelo sa buong kapuluan sa panahong iyon. Imported galing Japan. Dahil sa koneksiyon, isang mayamang negosyanteng makapagpupuslit niyon sa adwana ang natagpuan ng mga militar. Pinagbantaang dudukutin, pahihirapan, at papatayin ang asawa't mga anak ng negosyante kung hindi ito gagawa ng paraan para maitawid sa dagat ng bansang Hapon ang laruang regalo sa unico hijo ng kanilang amo.

* * *

*Borutesu Faibuuuuuu!!!*

Sa unang tingin, may pagkakahawig nga si Huyang sa robot ng Voltes V. Pareho silang may dibdib ng manok. Ang de-maskarang mukha ng robot ay parang mukha niyang wala mang maskara, nangangapal naman sa taba ang magkabilang pisngi. Sa imahinasyon ni Huyang, mga mata niya ang mga mata ni Voltes V, tutungo siya sa mga taong nagtatakbuhan palayo sa kanyang paanan at parang mga langgam na madali niyang mapipisak sa isang tapak.

Hawak lagi ni Huyang ang robot sa baywang na parang isa iyong espada o agimat na kapag iwinasiwas o itinapat sa sinumang kaaway ay mahahati sa gitna, matutunaw, o maaabo ito. Iyon ang ibig niyang mangyari sa mga tumutukso sa kanya ng Bondying, na sikat nang karakter noon sa komiks at pelikula. Sa imahinasyon niya, bigla silang magliliyab at matutupok. Mga hibla ng itim na usok na lang ang maiiwan at unti-unti ring maglalaho.

* * *

Noong 2019, sa tapat ng Camp Osmeña, ang HQ ng Police Regional Office ng Central Visayas, sa Cebu City, biglang nagpatugtog ng opening song ng Voltes V ang mga trompa ng pulis. May programa nang mga

sandaling iyon ang mga progresibong grupo sa paggunita ng anibersaryo ng EDSA Revolution. Parang bombang sumabog ang kanta, nilamon ang tinig ng mga nagsasalitang ralyista. Sa galit, dumaluyong sila at kinalampag ang gate ng kampo.

Sa kampong iyon nag-oopisina ang de-estrelya nang si Huyang, bilang hepe ng pulisya ng Central Visayas. May mga nagsasabing mga pulis mismo ang nakaisip na magpasiklab ng partikular na tugtog, dahil iyon ang paboritong kanta ng damulag. May mga nagsasabing si Huyang mismo ang nag-utos na pahiyawin ang mga trompa. Nang araw na iyon, nalasing sa kanilang halakhak ang apat na sulok ng kanilang Camp Big Falcon.

* * *

Gusto ni Huyang na makabawi ang kanyang ama sa hindi pagsipot sa kanyang unang manyaneta. Parang mga Haring Mago na dumarating buwan-buwan ang mga tauhan ng tatay niya, may dalang regalong replika o kinakalas na Voltes V.

Minsang pinadalhan si Huyang ng action figures ng mga bida sa palabas, pero sa basurahan ang ending ng mga iyon. Ang basurahang iyon ay isang mababaw na hukay sa kanilang bakuran, kung saan itinatapon ang mga tuyong dahon at sanga, saka sinusunog, para makapagsuob sa usok ang mga puno. Ihinagis doon ni Huyang ang mga tau-tauhan—ang magkakapatid na sina Steve, Big Bert, at Little John Armstrong, si Mark Gordon, at si Jamie Robinson. Pinaghahatak niya ang ulo, mga braso, mga hita, at baywang ni Big Bert dahil tinutukso siya ng mga kaklase niya na kamukha nito. Siya, aniya, si Voltes V, hindi ang pipitsuging damulag. Sinabuyan niya ng gasolina ang mga laruan, saka niya sinilaban. Naulol ang binatilyo habang pinagmamasdang natutunaw ang mga bida. Yumugyog ang malapad na dibdib niya at di niya maiwasang maluha sa paghalaklak.

* * *

Isang taon ang lumipas at isang baul ng merchandise ng Voltes V ang nasa pag-iingat ni Huyang. Biyernes ng hapon, dumating ang isang sundalo para ihatid ang balitang darating ang tatay niya sa kanyang ikalawang manyaneta.

Hindi maipinta ang galak ni Huyang. Hawak sa baywang ang pinakamalaking robot, dumeretso siya sa sala at umupo sa harap ng telebisyon. Hinintay niya ang opening song. Pasado alas-sais na ay hindi pa rin matapos-tapos ang prusisyon ng mga commercial. Hanggang sa ipalabas ang replay ng Uncle Bob and Friends.

Ibinato ni Huyang ang hawak na robot sa TV screen. Nabalian ng leeg si Voltes V. Nanginginig na tumayo si Huyang at itinumba ang telebisyon.

Iyon ay Abril 1979. Ipinahinto ng diktador na si Marcos ang pagpapalabas ng huling apat na episodes ng Voltes V.

* * *

Hindi nagpapatubo ng balbas si Huyang, pero kung gagawin niya, kamukhang-kamukha niya ang kontrabidang si Draco. Wala sa mga sipsip niyang tauhan ang magsasabi niyon sa kanya nang harap-harapan. Kung sungay ang sukatan ng kawalang-hiyaan, mangunguna si Draco. Mayroon siyang tatlo nito.

Sa palabas, ang mga walang sungay na Boazanian ay ginagawang alipin. Sa araw ng kanyang pagpuputong, ang prinsipeng inilantad na walang sungay ay ikinulong. Tumakas ito, at kasama ng iba pang alipin, ay naglunsad ng himagsikan. Nagtago sa ating daigdig ang mga nakatakas na alipin, ngunit nang matuklasan ito ng imperyo, pinagpapatay silang lahat.

Naging pulis si Huyang, nagkaranggo, at matapos pamunuan ang ilang departamento sa Camp Crame ay naging hepe ng Central Visayas. Sa pamumuno niya naganap ang pagpaslang sa mga pinagbibintangang Komunista at simpatisador sa Negros Oriental at Occidental.

* * *

Sa bersiyong ito, binuksan ni Huyang ang pinto. Hindi nilamon ng itim na usok ang mga pulis na may hawak na mga kandila, rosas, short coupon bond, gitara, at cake. Natapos nilang kantahin ang "How Beautiful Is the Morning." Naibigay nila ang mga rosas sa may kaarawan. Nahipan ni Huyang ang cake na korteng ulo ni Voltes V. Kinain nila ang mga handa. Uminom sila ng serbesa. Nagpatuloy ang selebrasyon buong araw. May mass gathering. Walang social distancing. Nagtanggal sila ng face mask.

* * *

May isang kastilyong nasa ibabaw ng higanteng bungong may magkabilang sungay ang lumilipad sa alapaap. Palipat-lipat iyon ng lugar, nagdadala ng lagim sa taumbayan. Namamataan iyon kung saan man naroon si Huyang.

* * *

Iniisip ng taumbayan na tagapagdala ng salot ang lumilipad na higanteng bungo. Ngunit anong uri ng salot?

* * *

Mahigit isang taon na nang dumating sa bansa ang nakahahawang sakit na dala ng bayrus na Kubidubidu. May nagsasabing galing iyon sa laway na tumatalsik kapag nagsasalita, umuubo, o bumabahing ang isang may sakit, gaya ng ubo at trangkaso.

Ngunit higit pa sa ubo at trangkaso ang dala ng bayrus na iyon. Nagdadala iyon ng pulmunya. Ginagawa niyong alkitran ang dugo. Pinapatay niyon ang oksiheno sa dugo na kailangan ng mahahalagang organo sa katawan ng tao.

Isang silent killer. Airborne na yata, gaya ng bulutong. O sadyang hindi lang alintana ng taumbayan na nabubuhay nang ilang araw sa mga kagamitan ang bayrus—mga fomite. Kaya naroon ito sa mga doorknob, sa hawakan ng escalator, sa pindutan ng elevator at ATM, sa pera, sa mga plastic card. Maging sa temperature gun, alkolhol, ballpen, at contact tracing form. Naroon ito sa kamay na tumatapik o nakikipagkamay, sa yakap at halik. Hanggang sa mag-mutate ang Kubidubidu at magkaroon ng variant na kayang pumatay ng tao sa loob ng tatlong araw.

* * *

Namataan ang lumilipad na higanteng bungo nang magpositibo sa Kubidubidu si Huyang. Isa lang ba iyong palabas para hindi siya pagdudahan?

*Borutesu Faibuuuuuu!!!*

Sinasayaw nila ang bersiyon ng awit, kapalit ng popular na tugtog na pang-Zumba. May iba kayang awit, kasabay ng sayaw ng gatilyo at singasing ng bala, kapag mayroon ulit silang itutumba?